Unit 1:

Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í

Layunin

Ang paunlarin ang kakayahang magbasa ng mga Kasulatang Bahá'í
at magnilay-nilay ng kanilang kahulugan upang matupad ang
tungkuling mag-aral ng mga Kasulatan sa araw-araw.

Pagsasagawa

Ang magbasa araw-araw, sa umaga't gabi,
ng ilan sa mga Kasulatan ng Pananampalataya.

BAHAGI 1

Sa unit na ito kayo ay mag-aaral ng maiikling mga sipi buhat sa mga Kasulatan ng Pananampalataya at mag-iisip kung papaano maisasagawa ang mga ito sa inyong buhay. Kayo ay magsisimula sa pinakasimpleng antas, sa pamamagitan ng pagbabasa ng sipi na isang pangungusap lamang ang haba mula sa mga Kasulatan at sa pamamagitan ng pagsasagot sa isang tanong, na kung saan ang sagot ay ang sipi mismo. Para sa adhikain ng gawaing ito, magiging kapaki-pakinabang sa inyo kung pag-aaralan ninyo ang sipi na kasama ang isa pang kalahok sa kurso. Sa gayon, ang isa sa inyo ang magtatanong at ang kabila ang sasagot. Pagkatapos, magpalitan kayo ng gawain. Ang uri ng pagsasanay na ito ay hindi isa na uulitin sa lahat ng mga kurso ng Ruhi Institute, subali't, sa darating na pagkakataon, maaaring may mga talata na ang paggamit ng pamamaraan na ito ay nababagay. Simple man, ang pagsasanay na ito ay makatutulong sa inyo sa pagninilay-nilay sa kahulugan ng mga talata at sa pagsasaulo ng mga ito.

"Ang pagpapabuti ng daigdig ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng dalisay at mabubuting mga gawain, sa pamamagitan ng kapuri-puri at karapat-dapat na pag-uugali."[1]

1. Papaano maisasakatuparan ang pagpapabuti ng daigdig? _____

_____

"Mag-ingat, O mga tao ng Bahá, na baka kayo ay lumakad sa mga pamamaraan noong ang mga salita ay kaiba sa kanilang mga ginagawa."[2]

2. Sa kaninong mga pamamaraan ba tayo hindi dapat lumakad? _____

_____

"O Anak ng katauhan! Ihanda ang iyong sarili na magbigay sulit sa bawa't araw bago pa tawagin ka sa isang pagtutuos..."[3]

3. Ano ang dapat nating gawain bago tayo ay tawagin sa isang pagtutuos? _____

_____

"Sabihin: O mga kapatid! Hayaang mga gawa, hindi mga salita, ang inyong maging palamuti."[4]

4. Ano dapat ang ating tunay na palamuti? _____

_____

"Ang banal na mga salita at wagas at butihing mga gawa ay umaakyat sa langit ng makalangit na luwalhati."[5]

5. Ano ang ginagawa ng banal na mga salita at wagas at butihing mga gawa? _____

_____

BAHAGI 2

Sa ibaba ay mga pagsasanay na may kaugnayan sa mga sipi na katatapos mo lamang napag-aralan. Ang ilan sa mga tanong ay madaling sagutin, at hindi na kailangan ang mahabang panahon sa pagtatalakay nito. Nguni't kung ang ilang pagsasanay ay mapaghamon, kailangan huminto nang sandali, at sa tulong ng inyong tutor, ay suriin pa ninyo ito.

1. Ang kapuri-puri ay yaong karapat-dapat purihin. Alin sa sumusunod ang kapuri-puri?

   a. ang maging isang mabuting manggagawa? _____
   b. ang gumalang sa ibang tao? _____
   c. ang maging masipag sa pag-aaral? _____
   d. ang maging sinungaling? _____
   e. ang maging tamad? _____
   f. ang tumulong na umunlad ang iba? _____

2. Anong ibig sabihin ng pariralang "bago pa tawagin ka sa isang pagtutuos"? _____

_____

3. Magpasiya kung ang mga sumusunod na mga pangungusap ay totoo o hindi totoo:

   a. Kaunting-kaunti lamang ang mababuting mga tao sa mundo kaya walang bisa ang kanilang mga kilos. T ☐ H ☐
   b. Tama ang isang bagay kapag ito ay sumasang-ayon sa mga palagay ng tao T ☐ H ☐
   c. Tama ang isang bagay kapag ito ay sumasang-ayon sa mga turo ng Diyos T ☐ H ☐

4. Ang sumusunod ay mga wagas at mababuting gawa:

   a. Pagtuturo ng Pananampalataya T ☐ H ☐
   b. Pagnanakaw T ☐ H ☐
   c. Pag-aalaga at pagtuturo sa mga bata T ☐ H ☐
   d. Pagdarasal para sa ikauunlad ng iba T ☐ H ☐
   e. Pagsisinungaling ng tungkol sa maliit na bagay upang makaiwas sa problema T ☐ H ☐

f. Pagtulong sa iba at umaasa ng gantimpala T ☐ H ☐

5. Ang sumusunod na mga pagkikilos ay ayon sa mga salita ng isang Bahá'í:

a. Ang pag-inom ng alak T ☐ H ☐
b. Pagiging mabait T ☐ H ☐
c. Ituring na pantay-pantay ang lahat T ☐ H ☐
d. Pagkakaroon ng sekswal na ugnayan na labas ng kasal. T ☐ H ☐

6. Pinahihintulutan ba ang isang Bahá'í na mangumpisal sa ibang tao? _____

7. Ano ang dapat nating gawin sa halip na mangumpisal? _____

_____

8. Ano ang ibig sabihin ng "langit ng makalangit na luwalhati"? _____

_____

9. Ano ang epekto ng masasamang mga gawa sa daigdig? _____

_____

10. Ano ang epekto ng masasamang mga gawa doon sa gumagawa ng mga ito? _____

_____

BAHAGI 3

Sa bahagi na ito kayo ay inaanyayahan muli na mag-aral ng mga sipi mula sa mga Kasulatan. Alamin na, para sa ilang mga sipi, maaaring bumuo ng higit sa isang tanong. Nguni't huwag namang magtanong ng sobra pa sa kailangan; huwag mag-isip ng lahat ng maaaring itanong.

"Ang pagkamakatotohanan ay batayan ng lahat ng mga katangiang pantao."[6]

1. Ano ang batayan ng lahat ng katangian ng tao? _____

"Kapag walang pagkamakatotohanan, ang pag-unlad at tagumpay sa lahat ng mga daigdig ng Diyos, ay 'di-maaaring mangyari sa kanino mang kaluluwa."[7]

2. Ano ang 'di-maaaring mangyari kung walang pagkamakatotohanan? _____

_____

"Pagandahin ang inyong mga dila, O mga tao, ng pagkamakatotohanan, at palamutian ang inyong mga kaluluwa ng hiyas ng katapatan."[8]

3. Sa ano natin pagagandahin ang ating mga dila? _____

4. Sa ano natin palalamutian ang ating mga kaluluwa? _____

_____

"Maging malinis ang inyong mata, tapat ang inyong kamay, makatotohanan ang inyong dila, at naliliwanagan ang inyong puso."[9]

5. Papaano ba dapat ang ating mata? _____ Ang ating kamay? _____

Ang ating dila? _____ Ang ating puso? _____

"Sila na nananahan sa loob ng Tabernakulo ng Diyos, at naitatag sa mga luklukan ng walang hanggang kaluwalhatian, ay tatanggi, kahit na sila ay namamatay na sa gutom, na unatin ang kanilang mga kamay at kunin nang hindi ayon sa batas ang pag-aari ng kapit-bahay, gaano man siya kaaba at kawalang halaga."[10]

6. Ano ang hindi gagawain ng isang Bahá'í kahit na siya ay namamatay na sa gutom?

_____

_____

BAHAGI 4

Maaaring napansin ninyo sa Bahagi 2 na ang ilan sa mga pagsasanay ay nangangailangan ng tiyak na mga sagot. Sa mga iyon, kung may pag-aalinlangan tungkol sa sagot, maaaring tulungan kayo ng tutor upang makarating sa inaasahang sagot. Para sa ibang mga pagsasanay, ang pagtatalakay mismo ang mahalaga, at ang tutor ay maaaring tumanggap ng iba't-ibang mga sagot buhat sa mga kalahok. Sa sumusunod, ang pang-apat na tanong ay isang halimbawa ng unang uri, bagama't ito ay mas maraming mga magkakaugnay-ugnay na sangkap; ang pang-anim na tanong ay nasa pangalawang uri.

1. Ang pagkamakatotohanan ay ang batayan ng lahat ng mga katangiang pantao. Magbigay ng limang mga katangian. _____

_____

_____

2. Maaangkin ba natin ang mga katangiang ito kung wala ang pagkamakatotohanan? ____

_____

3. Magpasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo o hindi totoo:

a. Ang isang tao ay maaaring maging makatarungan, kahit siya ay sinungaling. T ☐ H ☐
b. Ang magnanakaw ay may matapat na kamay. T ☐ H ☐
c. Ang isang may matapat na kamay ay hindi kailanman gagalaw ng anumang hindi sa kanya. T ☐ H ☐
d. Ang pagbasa ng malaswang mga aklat at magasin ay labag sa payo ni Bahá'u'lláh na magkaroon ng matang malinis. T ☐ H ☐
e. Ang pagkamakatotohanan ay ang hindi pagsisinungaling. T ☐ H ☐
f. Ang katapatan ay isang hiyas ng kaluluwa. T ☐ H ☐
g. Ang taong sinungaling ay uunlad pa rin sa espiritu. T ☐ H ☐
h. Pwedeng magsinungaling paminsan-minsan. T ☐ H ☐
i. Kung gutom ang tao ang kanyang pagnakaw ay papayagan ng Diyos. T ☐ H ☐
j. Ang pagkuha ng isang bagay na walang pahintulot ng may-ari, kasama ng pag-iisip na ibabalik din naman niya ito, ay hindi pagnanakaw. T ☐ H ☐
k. Kung ang isang kaibigan ay may punong-kahoy na may maraming mga bunga, walang masama sa pagkuha ng ilan na walang pahintulot. T ☐ H ☐
l. Kung tayo ay naging matapat, makatarungan at makatotohanan, ang ating puso ay naliliwanagan. T ☐ H ☐

4. Maaari bang magsinungaling sa sarili? _____

5. Anong nawawala sa atin kapag tayo ay nagsisinungaling? _____

6. Magiging anong uri ang daigdig kung ang lahat ay naging makatotohanan at matapat?

_____

BAHAGI 5

Pag-aralan ang sumusunod na mga sipi at subukang maisaulo ang mga ito. Ang pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga Kasulatan ay may kanyang gantinpala, at dapat kayong magsikap sa paggawa nito. Gayumpaman, may mga tao na, dahil sa sari-saring mga dahilan, ay masyadong nahihirapang magsaulo. Kung ikaw ay kabilang dito, kailangan mo lang pag-aralan nang mabuti ang mga sipi hanggang maaari mong ilahad ang mga kaisipan dito sa pamamagitan ng mga salitang pinakamalapit sa orihinal.

“Ang mabait na dila ay ang batubalani ng mga puso ng mga tao. Ito ang tinapay ng espiritu, dinadamtan nito ang mga pananalita ng kahulugan, ito ang bukal ng liwanag ng kaalaman at pag-unawa...”[11]

1. Papaano ilalarawan ang mabait na dila? _____

_____

_____

2. Ano ang epekto ng mabait na dila sa mga salita? _____

_____

“O kayong minamahal ng Panginoon! Sa banal na Dispensasyong ito, ang pag-aaway at pagtatalo ay hindi sa anumang dahilan pinahihintulutan. Ang bawa’t mang-aaway ay pinagkakaitan ang kanyang sarili ng biyaya ng Diyos.”[12]

3. Sang-ayon sa sipi na ito, ano ang hindi pinahihintulutan sa Dispensasyong ito? _____

_____

4. Ano ang ginagawa ng mang-aaway sa kanyang sarili? _____

_____

“Sa Araw na ito, walang anuman ang maaaring makapinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtutol, pagkakalayo at kawalang-malasakit sa pagitan ng mga minamahal ng Diyos.”[13]

5. Anu-anong mga kalagayan ang nagbibigay ng lubos na pinsala sa Kapakanan ng Diyos? _____

_____

“Huwag masiyahan sa pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng salita lamang, hayaan ang puso ninyo’y mag-alab sa mapagmahal na kagandahang-loob sa lahat ng makakatagpo ninyo sa inyong landas.”[14]

6. Anong uri ng pakikipagkaibigan ang hindi sasapat sa atin? _____

7. Ano dapat ang magliyab nang maningning sa ating mga puso? _____

_____

"Kung sa guniguni'y gumuhit ang digmaan, salungatin iyon ng lalong malakas na kaisipan sa kapayapaan. Ang isang kaisipan ng pagkapoot ay dapat na wasakin ng isang lalong makapangyarihang kaisipan ng pag-ibig."[15]

8. Ano dapat ang sasalungat sa isang pag-iisip ng digmaan? _____

_____

9. Ano dapat ang wawasak sa pag-iisip ng pagkamuhi? _____

_____

BAHAGI 6

Gawain ang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Ang batubalani ay ibang salita para sa *magneto.* Sa anong paraan ang isang mabait na dila ay tulad ng batubalani? _____

2. Magpasya kung ang sumusunod na mga parirala ay galing sa mabait na dila:

   a. "Huwag mo akong guguluhin!" Oo ☐ H ☐
   b. "Bakit 'di mo ito maintidihan?" Oo ☐ H ☐
   c. "Maaari po ba kayong maghintay?" Oo ☐ H ☐
   d. "Walang-hiya ang mga batang ito!" Oo ☐ H ☐
   e. "Salamat, po. Napakabait ninyo." Oo ☐ H ☐
   f. "Ay, wala akong panahon ngayon. Abala ako." Oo ☐ H ☐

3. Magpasiya kung ang sumusunod na mga pangyayari ay nagpapakita ng pagtatalo:

   a. Sa pagsasangguniang Bahá'í, ang dalawang tao ay naglalahad ng magkakaibang mga kuro-kuro. Oo ☐ H ☐
   b. May isang ayaw pumunta sa pagtitipon ng Bahá'í dahil hindi sila nagkikibuan ng may-ari ng bahay. Oo ☐ H ☐
   c. Ang ilan sa mga nasa Bahá'í Institute na kumukuha ng kurso, ay laging nagrereklamo na ang iba sa mga kalahok ay hindi tumutupad sa kanilang mga tungkulin. Oo ☐ H ☐
   d. May dalawang gurong Bahá'í na hindi magkasundo kung saang lugar sila pupunta upang magturo. Oo ☐ H ☐

4. Magpasiya kung ang sumusunod ay nagpapakita ng pagkakalayo at kawalang-malasakit.

a. May isang kaibigan na dumating sa Bahá'í *study circle* at wala man lamang bumati sa kanya nang masaya. Oo ☐ H ☐
b. Sa isang Baha'i *institute campaign*, ang mga estudyante ay may kanya-kanyang grupo, at ang bawa't grupo ay tuluyan nang hindi nakikihalubilo sa iba. Oo ☐ H ☐
c. Sa Baha'i *study circle*, sa oras ng pag-aaral, ang lahat ay nag-aaral at hindi nag-iingay. Oo ☐ H ☐
d. Ang dalawang guro, bagaman hindi sila nag-aaway, ay ayaw magsamang magturo. Oo ☐ H ☐

5. Magpasiya kung ang sumusunod na mga parirala ay totoo o hindi totoo:

a. Dapat sabihin ng isa ang tunay niyang iniisip tungkol sa ibang tao; hindi bale kung ang damdamin noong iba ay masasaktan. T ☐ H ☐
b. Tama lang ang magsinungaling upang maiwasan ang away. T ☐ H ☐
c. Ang pag-aaway ay madadaig ng pag-ibig at kabaitan. T ☐ H ☐
d. Ang mga salita ay higit na mabisa kung sinasabi ito nang may pagmamahal T ☐ H ☐
e. Tama ang makipag-away kung siya naman ang nagsimula sa away. T ☐ H ☐
f. Karapatan niyang magsalita nang masakit sa iba dahil siya naman ay may karamdaman o nagdadalamhati. T ☐ H ☐
g. Ang pagtawanan ang iba kapag siya ay nagkamali ay hindi kabaitan. T ☐ H ☐
h. Pwedeng banggitin ang mga pagkukulang ng iba dahil hindi naman ito paninirang-puri. T ☐ H ☐
i. Kapag may samaan ng loob ang magkaibigan, ang bawa't isa ay dapat magsikap na magkalapit sila muli. T ☐ H ☐
j. Kapag may samaan ng loob ang magkaibigan, ang bawa't isa ay dapat maghintay hanggang mauna ang kabila na siyang lumapit. T ☐ H ☐

BAHAGI 7

Pag-aralan ang mga sipi sa ibaba at isaulo ang mga ito:

"...ang paninirang-puri ay pumapatay ng ilaw ng puso, at pinapatay ang buhay ng kaluluwa."[16]

"Huwag ihinga ang mga pagkakasala ng iba habang ikaw sa iyong sarili ay isang makasalanan."[17]

"Huwag magsalita ng masama, nang hindi mo marinig na iyon ay sabihin sa iyo, at huwag palakihin ang mga kamalian ng iba, nang ang iyong sariling mga kamalian ay hindi lumitaw na malaki..."[18]

"O Anak ng Katauhan! Papaano mong maaaring malimutan ang iyong sariling mga pagkakamali at inaabala ang iyong sarili sa mga pagkakamali ng iba? Sinumang gumawa nito ay isinusumpa Ko."[19]

1. Ano ang epekto ng paninirang-puri sa gumagawa nito? _____

   _____

2. Ano dapat ang nasa ating kamalayan bago natin isipin ang mga pagkakasala ng ibang tao? _____

3. Ano ang mangyayari sa atin kung ating pinalalaki ang mga pagkakamali ng iba? _____

   _____

4. Ano dapat ang ating aalalahanin kapag iniisip natin ang mga pagkukulang ng iba? ____

   _____

BAHAGI 8

Gawain ang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Ano ang mangyayari sa pag-unlad ng kaluluwa ng taong nakatuon ang isipan sa kamalian ng iba? _____
2. Ano ang epekto ng paninirang-puri sa pamayanang Bahá'í? _____

   _____

3. Ano ang iyong gagawain kapag ang isang kaibigan ay magsisimulang sabihin sa iyo ang tungkol sa pagkakamali ng iba? _____

   _____

   _____

   _____

   _____

4. Pagpasiyahan kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo o hindi:

a. Kung totoo naman ang ating ikinikwentong mga pagkakamali ng isang tao, hindi tayo naninirang-puri. T ☐ H ☐
b. Kung pinagsama naman natin sa pagsasalita ang mga magaganda at pagkukulang ng isang tao, hindi tayo naninirang-puri. T ☐ H ☐
c. Ang paninirang-puri ay naging kaugalian ng ating lipunan at dapat nating pairalin ang disiplinang iwasan ito. T ☐ H ☐
d. Kung mangako ang nakikinig na hindi niya ikukwento sa iba ang ating sasabihin tungkol sa isang tao, walang masama sa paninirang-puri. T ☐ H ☐
e. Ang paninirang-puri ay isa sa pinakamatinding kalaban ng pagkakaisa. T ☐ H ☐
f. Kung naging ugali na ang magkuwento tungkol sa ibang tao sa lahat ng panahon, tayo ay nanganganib na mahulog sa paninirang-puri. T ☐ H ☐
g. Kung ang kakayahan ng iba't-ibang tao ang pinag-uusapan sa isang pagpupulong ng *Local Spiritual Assembly* upang ipagawa ang ilang mga gawain, ito ay paninirang-puri. T ☐ H ☐
h. Kapag ating naramdaman ang simbuyong manirang-puri, dapat nating isipin ang ating sariling mga pagkukulang. T ☐ H ☐
i. Kapag alam natin na may taong gumagawa ng nakasasama sa Pananampalataya o sa pamayanan, dapat pag-usapan ito nang kasama ang ibang mga Bahá'í. T ☐ H ☐
j. Kapag alam natin na may taong gumagawa ng nakasasama sa Pananampalataya o sa pamayanan, dapat ipaalam ito sa *Local Spiritual Assembly* lamang. T ☐ H ☐
k. Walang masama na pag-usapan ng mag-asawa ang mga pagkukulang ng ibang tao dahil, bilang mag-asawa, dapat wala silang ililihim sa isa't-isa. T ☐ H ☐

Ang unit na napag-aralan mo ay may isang bukod-tanging layunin. Itinuturo ni Bahá'u'lláh na ang bawa't tao ay dapat bumasa ng ilang sipi mula sa Banal na mga Kasulatan tuwing umaga't gabi. Sa araling ito, naumpisahan mo na ang pag-hubog ng ganitong ugali na lubos na mahalaga para sa iyong espiritwal na kaunlaran. Maaaring nais mo na ngayong magkaroon ng isang aklat ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at basahin ang mga bahagi nito araw-araw. Ang unang mabuting aklat na maaari mong piliin ay *Ang Natatagong mga Salita.*

REPERENSYA

1. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1990), pp. 24-25.

2. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1994), CXXXIX, p. 305.

3. Bahá'u'lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1989), Arabiko blg. 31, p. 12.

4. Ibid., Persiano blg. 5, p. 27.

5. Ibid., Persiano blg. 69, p. 53.

6. 'Abdu'l-Bahá, sinipi sa *The Advent of Divine Justice*, p. 26.

7. Ibid., p. 26.

8. *Isang Tinipong mga Sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh*, (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1993), p. 70.

9. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas*, (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1997), p. 138.

10. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXXVII, p. 298-99.

11. Ibid., CXXXII, p. 289.

12. *Will and Testament of 'Abdu'l-Bahá*, (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1991), p. 13.

13. *Isang Tinipong mga Sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh*, p. 3.

14. *Mga Pagsasalita sa Paris ni 'Abdu'l-Bahá* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1989), p. 9.

15. Ibid., p. 25.

16. *Isang Tinipong mga Sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh*, p. 43.

17. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabiko blg. 27, p. 11.

18. Ibid., Persiano blg. 44, p. 43.

19. Ibid., Arabiko blg. 26, p. 11.